# Allāhumma innī a`ūdhu bika mina -l`ajzi wa -lkasli wa -lbukhli wa -harami, wa `adhābi -lqabr... (O Allāh, tunay na ako ay nagpapakupkop sa Iyo laban sa kawalang-kakayahan, katamaran, karamutan, pag-uulyanin, at pagdurusa sa libingan...)

Ayon kay Zayd bin Arqam, malugod si Allāh sa kanya: Ang Sugo ni Allāh, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, ay nagsasabi noon: "Allāhumma innī a`ūdhu bika mina -l`ajzi wa -lkasli wa -lbukhli wa -harami, wa `adhābi -lqabr. Allāhumma. Allāhumma, ātī nafsī taqwāhā, wa zakkāhā anta khayra man zakkāḥā, anta walīyuhā wa mawlāhā. Allāhumma, innī a`ūdhu bika min `ilmin lā yanfa`, wa min qalbin lā yakhshā, wa min nafsin lā tashba`, wa min da`watin lā yustajābu lahā." (O Allāh, tunay na ako ay nagpapakupkop sa Iyo laban sa kawalang-kakayahan, katamaran, karamutan, pag-uulyanin, at pagdurusa sa libingan. O Allāh, bigyan Mo ang sarili ko ng pangingilag nito sa pagkakasala at dalisayin Mo ito yamang Ikaw ay pinakamainam na nagdadalisay nito, Ikaw ay katangkilik nito at tagapagtangkilik nito. O Allāh, tunay na ako ay nagpapakupkop sa Iyo laban sa kaalamang hindi napakikinabangan, laban sa pusong hindi natatakot, laban sa sariling hindi nabubusog, at laban sa panalanging hindi tinutugon ito.)"

[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

Ang pagpapakupkop ay kabilang sa mga pagsambang pampuso at hindi ibinabaling maliban kay Allāh, pagkataas-taas Niya. Ang kawalang-kakayahan at ang katamaran ay magkapatid na pumuputol sa mga daan ng kabutihan, na nagpaparating sa Mundo at Kabilang-buhay. Ang dalawang ito ay kumakatawan sa kawalang-kakayahan, panlalamig, at pagpapabaya. Kung ang pinipigil ay ang paggagawa ng tao, ito ay katamaran. Dahil dito, inilarawan ni Allāh, pagkataas-taas Niya, ang mga nagkukunwaring sumasampalataya sa sinabi Niya (Qur'ān 4:142): "Kapag tatayo sila para sa pagdarasal, tumatayo sila bilang mga tamad..." Ito ay dahil sa kahinaan ng pananampalataya nila at sa sakit ng mga puso nila. Ang katamaran ay nangyayari lamang sa isang kaluluwang maysakit. Kapag ang pumipigil sa paggawa ay dahil sa hindi paggawa ng tao at kawalang-kakayahan niya, ito ay kawalang-kakayahan. Ang pagpapakupkop ay kay Allāh. Ang karamutan ay ang pagkakait ng pag-aari at ang kasibaan nito sa pagdudulot ng mga uri ng paggawa ng kabutihan at mga paraan ng pagpapakinabang sapagkat nahihilig ang kaluluwa sa pagkaibig sa salapi, pagtatambak nito, at hindi paggugol nito sa mga gawaing ipinag-utos ni Allāh. Ang pag-uulyanin ay tumutukoy sa pagpapaabot sa tao sa pinakahamak na gulang at tumuntong sa gulang na hukluban kung kailan nanghihina

ang lakas niya, naglalaho ang isip niya, nagkakandalagas ang pinakahahangad niya kaya hindi niya nakakayang magtamo ng kabutihan sa Mundo ni sa Kabilang-buhay. Nagsabi si Allāh (Qur'ān 36:68): "Ang sinumang pinahaba Namin ang buhay niya, babaliktarin Namin siya sa pagkakalikha." Ang "pagdurusa sa libingan" ay totoo at alinsunod doon ang nagkakaisang hatol ng mga Alagad ng Sunnah at Pagkakaisa. Nagsabi si Allāh (Qur'ān 23:100): "Mula sa likuran nila ay may isang harang hanggang sa araw na bubuhayin sila." Ang libingan ay alin sa dalawa: isang hardin mula sa mga hardin ng Paraiso o isang hukay mula sa mga hukay ng Impiyerno. Dahil dito, itinuturing na sunnah para sa tao na magpapakupkop laban sa pagdurasa sa libingan sa bawat dasal dahil sa kilabot dulot ng pagdurusa sa libingan at kabigatan nito. Ang "bigyan Mo ang sarili ko ng pangingilag nito sa pagkakasala" ay nangangahulugang: Bigyan mo ang sarili ko ng pagsunod sa mga ipinag-uutos at pag-iwas sa mga ipinagbabawal. Sinabi na ang pagpaliwanag sa pangingilag sa pagkakasala rito ay ayon sa kung ano ang tumapat sa pagpapakagumon nito sa pagkakasala gaya ng nasa sinabi ni Allāh (Qur'ān 91:8): "Ipinatalos Niya rito ang pagpapakagumon nito sa pagkakasala at ang pangingilag nito sa pagkakasala." Ang "dalisayin Mo ito" ay nangangahulugang: Linisin mo ito mula sa mga bisyo. Ang "Ikaw ay pinakamainam na nagdadalisay nito" ay nangangahulugang: Walang tagapagdalisay para rito bukod pa sa iba sa Iyo at walang nakakakaya sa pagdadalisay nito ng isa man maliban sa Iyo, o Panginoon namin. Ang "Ikaw ay tagatangkilik nito" ay nangangahulugang: Ang tagatulong nito at ang tapagtaguyod nito. Ang "katangkilik nito nito" ay nangangahulugang: Ang nagmamay-ari rito at ang nagbibiyaya rito. Ang "O Allāh, tunay na ako ay nagpapakupkop sa Iyo" ay nangangahulugang: Nagpapakanlong at nagpapakalinga. Ang "laban sa kaalamang hindi napakikinabangan" ay nangangahulugang: Ang kaalamang hindi nagdudulot ng pakinabang o ang kaalamang hindi isinasagawa ng tao ay magiging katwiran laban sa kanya sa Araw ng Pagkabuhay gaya ng sinabi ng Propeta, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan: "Ang Qur'ān ay katwiran para sa iyo o laban sa iyo." Ang kaalamang hindi napakikinabangan ay ang hindi humuhubog sa mga kaasalang panloob. Makikita mo ang ilan sa mga ito sa mga gawaing panlabas. Natatamo sa pamamagitan ng mga ito ang pinakalubos na gantimpala. Ang "pusong hindi natatakot" ay nangangahulugang: Sa pagkaalaala kay Allāh, pagkataas-taas Niya, at pagkarinig ng salita Niya. Ito ay ang matigas na puso. Hinihiling sa kanya na maging taimtim sa Panginoon niya, na nasisiyahan sa ninanais Nito, samantalang ang dibdib niya ay karapat-dapat ukulan ng liwanag. Kapag nangyaring ang puso ay hindi ganoon, ito ay matigas kaya kinakailangang magpakupkop laban doon. Nagsabi si Allāh (Qur'ān 39:22): "Kaya kapighatian sa matitigas ang mga puso nila..." Ang "sariling hindi nabubusog" ay nangangahulugang: Dahil sa sigasig sa kamunduhang mapaparam, kasakiman, kasibaan, at pagkahumaling ng saril sa malalayong pag-asa. Ang "laban sa panalanging hindi tinutugon ito" ay nangangahulugang: magpakupkop kay Allāh laban sa mga dahilan at mga hinihiling ng pagtanggi gaya ng pagtataboy at pagkagalit dahil ang pagtanggi sa panalangin ay tanda ng pagtanggi sa nanalangin, na salungat naman sa panalangin ng mananampalataya sapagkat ito ay hindi tinanggihan dahil tinutugon sa Mundo o humahadlang si Allāh para sa kanya ng kasawiang tulad niyon o nag-iimpok para sa kanya sa Kabilang-buhay. Kaya naman ang panalangin ng mananampalataya ay hindi nasasayang kailanman, na salungat naman sa panalangin ng Kāfir. Nagsasabi si Allāh (Qur'ān 40:50): "ngunit walang iba ang panalangin ng mga tumatangging sumampalataya kundi nasa isang pagkaligaw."

النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY

لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC E-Da'wah Committee